



MANATILI SA PAG-IBIG

P. Roniel B. Sulit



In a *relationship*—yan ang mga salitang ginagamit natin upang ilarawan ang namamagitan sa dalawang taong nagmamahalan, silang may malalim na ugnayan. Samantala, kung pabago-bago ang estado ng kanilang relasyon, sinsasabing sila ay nasa isang *on and off relationship*. Kung ang dalawang taong nagmamahalan naman ay nasa magkalayong lugar, sinasabi naman nating sila ay nasa *Long Distance Relationship* o *LDR*.

Ngayong ikalimang Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, may kaugnayan sa *relationship* ang ating mga pagbasa. Sa Gawa ng mga Apostol, inilalarawan kung papaanong nagkaroon ng relasyon si Saulo (Pablo) sa mga alagad ni Hesus matapos

niyang mapatunayang mayroon na siyang malalim na relasyon kay Hesus. Sa Unang Sulat ni Apostol San Juan naman, ipinapaalala sa ating “Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos”. Sa madaling salita, ang pagsunod sa Diyos ang susi upang magkaron ng malalim na ugnayan o relasyon sa kanya.

Binibigyang-diin din sa Ebanghelyo ni San Juan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ugnayan o relasyon sa Diyos. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang mamumunga nang sagana.” Masaganang

bunga—ito ang pagpapalang hatid ng pagkakaroon ng relasyon sa Diyos. Subalit hindi lamang pangkaraniwang ugnayan ang hinihingi ni Hesus. Kung nais nating tunay na mamunga, kailangan nating manatili sa kanya. Ibig sabihin, kailangang mayroon tayong *intimate relationship* sa kanya. Aniya, “hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayun din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin.”

Malalaga ang pananatili sa pag-ibig upang tunay tayong mamunga. Walang puwang ang isang *on and off relationship* sa Diyos. Gayun din naman, upang tunay tayong lumago bilang mga mabubuting kristiyano, iwasan natin ang pagkakaroon ng isang *Long Distance Relationship* o *LDR* sa Diyos. Si Hesus mismo ang nagsabi, “Wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin.” Siya ang puno ng ubas at tayo ang mga sanga. Ang lahat ng paglago, pagpapala at kasaganahan ay mangyayari lamang kung tayo ay mananatiling naka-ugnay sa kanya.

Panatilihin ang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at mga sakramento, lalo’t higit sa kumpisal at Banal na Misa. Huwag nating hayaang mawalay tayo sa kanya. Manatili sa pag-ibig upang, kapag tayo ay tinanong kung ano ang ugnayan natin sa Diyos, buong loob nating masambit: *in a relationship, in an intimate relationship*.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 98:1-2)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa'y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s'ya'y idangal.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P — Kailangan natin si Kristo sa buhay katulad ng pangangailangan ng sanga sa puno o halaman. Kung wala siya, wala rin tayong buhay. Kailangan natin siya upang ipagkasundo tayo sa Ama. Kailangan natin ang kanyang biyaya upang makagawa tayo ng kabutihan. Kailangan natin siya sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(lahat ay dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarungal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Jesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tunguhan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Gawa 9:26-31) *(Umupo)*

Matapos magbagong-loob si Saulo, napabilang siya sa mga mananampalataya ng Jerusalem sa tulong ni Bernabe. Magkagayon man, marami pa rin ang natakot at nagduda kay Saulo.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

NOONG MGA araw na iyon: Pagdating ni Saulo sa Jerusalem, sinikap niyang mapabilang sa mga alagad doon. Ngunit ang mga ito ay takot sa kanya, at hindi makapaniwalang isa na siyang alagad. Subalit isinama siya ni Bernabe sa mga apostol. Isinalaysay niya sa kanila kung paano napakita ang Panginoon

kay Saulo at nakipag-usap dito nang ito'y nasa daan. Sinabi rin niyang si Saulo'y buong tapang na nangalang sa Damasco, sa pangalan ni Jesus. At mula noon, si Saulo'y kasama-sama nila sa Jerusalem, at buong tapang na nangangaral doon sa pangalan ng Panginoon. Nakipag-usap din siya at nakipagtagal sa mga Helenista, kaya't tinangka nilang patayin siya. Nang malaman ito ng mga kapatid, dinala nila si Saulo sa Cesarea at pinauwi sa Tarso. Kaya't naging matiwasay ang simbahan sa buong Judea, Galilea, at Samaria. Ito'y tumatag at lumaganap sa tulong ng Espiritu Santo at namuhay na may pagkatakot sa Panginoon.

— Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 21)

T—Pupurihin kita, Poon, ngayong kami'y natitipon.

R. Jacob

The musical score is written in treble clef with a 4/4 time signature. It consists of three lines of music. The first line starts with a C major chord and contains the lyrics 'Pu - pu - ri - hin ki - ta, Po -'. The second line starts with an Am chord and contains the lyrics 'on, nga-yong ka-mi'y na-ti - ti -'. The third line starts with a Csus chord and contains the lyrics 'pon.'.

1. Sa harap ng masunuring mga lingkod mong hinirang,/ ang handog na panata ko ay doon ko ialay./ Magsasawa sa pagkain yaong mga nagdarahop,/ aawit ng pagpupuri ang sa Diyos ay dudulog./ Buhay nila ay uunlad, sasagana silang lubos. **(T)**

2. Sa dakilang Panginoon, ang lahat ay magbabalik,/ ang lahat ng mga lahi ay sasambang may pag-ibig./ Mangangayupang lahat ang mga palalo't mayayabang,/ ang lahat ng mga tao ay yuyuko sa Maykapal,/ ang narito sa daigdig na nilikhang mamamatay. **(T)**

3. Maging lahing susunod pa ay sasamba't maglilingkod,/ at mayroong mangangaral sa kanila tungkol sa Diyos./ Sa lahat ng sisilang pa'y ganito ang ihahayag,/ "Sa hinirang niyang bansa ay Panginoon ang nagligtas." **(T)**

Ikalawang Pagbasa (1Jn 3:18–24)

Makikilala ang pamayanang Kristiyano nang dahil sa pag-ibig. Ito ang tanging tanda na sila nga ay kaisa ng Diyos kay Kristo.

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

MGA ANAK, huwag tayong umibig sa pamamagitan ng salita o wika lamang. Ipakita natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng gawa. Dito natin makikilalang tayo'y nasa panig ng katotohanan, at matatahimik ang ating budhi sa harapan ng Diyos sakali mang tayo'y usigin niyon. Sapagkat ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam niya ang lahat ng bagay. Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, panatag ang ating loob na makalalapit sa Diyos. Tinatanggap natin ang anumang ating hingin sa kanya, sapagkat sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya. Ito ang kanyang utos: manalig tayo sa kanyang Anak na si Jesukristo, at mag-ibigan, gaya ng iniutos ni Kristo sa atin. Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. At sa pamamagitan ng Espiritung ipinagkaloob niya sa atin ay nalalaman nating nananatili siya sa atin.

— Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 15:4a–5b) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Sa Poon ay manatili, siya'y sa atin lagagi, mamumungang maluwalhati. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 15:1–8)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG PANAHONG iyon, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Pinuputol niya ang bawat sangang hindi namumunga; at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga. Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi

ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayun din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin.

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin. Ang hindi nananatili sa akin ay itatapon at matutuyo, gaya ng sanga. Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin. Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin niyo ang inyong maibigan, at ipagkaloob sa inyo. Napararangalan ang Ama kung kayo'y namumunga nang sagana at sa gayo'y napatutunayang mga alagad ko kayo.”

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Jesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni San-ta Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Idalangin natin sa Ama na manatili tayong kaugnay kay Jesus, “ang puno ng ubas,”

at mamunga nang sagana. Idalangin natin:

T—Panginoong aming buhay, dinggin mo kami.

L—Nawa'y panatilihin ng Simbahang Katolika ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanyang bayan. Manalangin tayo: **(T)**

L—Nawa ang mga pinuno ng aming pamahalaan ay makatulad sa pagmamalasakit at pagdadamay ng mga unang Kristiyano. Manalangin tayo: **(T)**

L—Nawa'y makatanggap ng pagkandili at tulong ang mga maysakit, mga nalulungkot, mga inaapi, at ang mga malayo sa kanilang pamilya. Manalangin tayo: **(T)**

L—Ang mga naliligaw ng landas nawa at mga tumalikod sa Diyos ay makaranas ng pagpapatawad at pagtanggap. Manalangin tayo: **(T)**

L—Nawa'y magkaisa ang lahat ng mga relihiyoso at relihiyosa sa pagsusulong ng kapayapaan sa mundo. Manalangin tayo: **(T)**

P—Dinggin mo ang aming pag-samo, dakilang Ama. Gawin mo kaming mga tapat na saksi ng iyong pag-ibig.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay kami'y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong

pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo (Pagkabuhay IV)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Siya'y talagang maaasahan at ang katapatan niya sa pananagutan ay siyang bumago sa dating pamumuhay sa sangkatauhan namihasa sa pagkasalawahan. Ang dangal ng tao ay ganap na itinampok upang mamana namin sa pakikipagkapatid kay Jesus.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B - Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Jesus naming mahal, iligat mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinasabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymissalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette

ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Jn 15:1-5)

Ako ang puno ng ubas, kayo'y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P—Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pina-pakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanang patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang

iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik)

Ang Diyos na tumubos at kumupkop sa inyo pakundangan sa Pagkabuhay ni Hesukristo ay siya nawang magpala sa inyo ng kaligayahang magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Kayong pinagkalooban ng Manunubos ng walang maliw na kalayaan ay pakamtin nawa niya ng kanyang pamanang buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Dahil kayo ay kaisa niyang bumangon mula sa kamatayan pakundangan sa pananampalataya at binyag kayo nawa'y makatambal ng mga nasa kalangitan pakundangan sa inyong mabuting pamumuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayo sa kapayapaan at paglingkuran ang Diyos at ang inyong kapwa.

B—Salamat sa Diyos.